Ang BULAKENYO
TOMO 2 BLG. 2 HULYO– OKTUBRE 2021
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DIBISYON NG BULACAN

# Mga guro sa SHS na non-passer sumailalim sa LET online review

Ni: ***Imelda S.P. Golez***

***Pag-asa sa pagpasa.***
***Para sa bata, para sa bayan.***

Isinagawa ang kauna-unahang Division Online Review for the *Licensure Examination for Professional Teachers' Examinees for Senior High School Teachers with Provisional Status* alinsunod sa Pansangay na Memoramdum Blg. 130 s. 2021

Layunin nitong matulu-ngang magrebyu ang mahigit isang daang guro sa Senior High School (SHS) na hindi pa pasado sa *Lisensure Examination for Teachers (LET)* at nakalimang taon nang naglilingkod sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Bulacan.

Sa loob ng tatlong araw, Agosto 10-12, ang mga guro ay sinanay at nirebyu sa iba't ibang larangan tulad ng Professional at General Education, Filipino, English, Mathematics, Science, Araling Panlipunan at MAPEH.

Ipinakilala ang mga tagapagsalita sa unang araw na sinundan ng pananalita ni Assistant Schools Division Superintendent Rowena T. Quimbao, CESE. Pinasa-lamatan niya ang pangulo ng mga punongguro at Division LET Review Coordinator na si Gng. Ma. Lourdes C. Valondo, na naguna sa gawain.

Binigyan ng panimulang pagtataya ang lahat ng gurong kalahok.

Tinalakay nina Dr. Rico G. Tolentino, at Frederick G. Del Rosario, pawang Punongguro I ang Professional Education.

Inisa-isa ang wastong gramatika at panitikan sa English at Filipino nina Dr. Nancylita C. Cubol, Punongguro IV , Lourdes L. Ramos, Melissa M. Martin, Punonnguro III ,Imelda S.P. Golez Ulongguro III at Emiliana B. Esguerra, Ulongguro III.


Nanguna naman sa talakayan ng Mathematics sina G.Cesar V. Valondo , Punongguro IV Ma. Regina M.Lopez, Punongguro II at Dr.Virginia S. San Gabriel, Punongguro II.

Sa larangan ng siyen-sya, tinalakay ang iba't ibang paksa sa General Science, Biology, Chemistry at Physics nina Odette V. Espiridion, Punongguro I , Dr.Brenda Lea Carant, Punongguro II, Dr. Cherilyn Goyena Punogguro II at Dr. Shineth Cruz Novera, Katuwang na Punongguro II.

Binalik-aralan naman ang mga mahahalagang pangyayari, tao at batas sa Araling Panlipunan na pinamunuan ni Ricardo C. Benis,G. Mostoles Ed.D, CESO V, Punong Tagapama-nihala ng Sangay ng Bulacan, ang lahat ng mga nakiisa sa gawain na makapasa sila sa LET at muling makapaglingkod sa mga pampublikong paaralan ng kagawaran Jr. Punongguro I at Mary Grace C. Bernardo, Ulongguro I.

Sa MAPEH, pinangu-nahan nina Ferdinand Aldaba Ulongguro III, Rommel Sayson , Ulongguro II, at Ariston Manuel , Ulongguro III ang pagtalakay sa mahahalagang kaalaman hinggil sa Music ,Arts at Physical Education.

Samantala, matataas ang resulta ng *post test* na isinagawa sa huling araw ng rebyu kung kaya't pinasalamatan at hinamon ni Gng. Zenia Mostoles Ed.D., CESO V, Punong Tagapamanihala ng Sangay ng Bulacan, ang lahat ng nakiisa sa gawain na makapasa sila sa LET at muling makapaglingkod sa mga pampublikong paaralan ng kagawaran.




# Mag-inang Blanco, kinopo ang 2 national award

Ni: ***Mharikith E. Fababier***

***Kung ano ang puno, siyang bunga.***

Ito ang pinatunayan ng mag-inang Dr. Rainelda M. Blanco, Schools Division of Bulacan Learning Resources Management and Development System (LRMDS) manager at Inah Marifaye M. Blanco, SDO Bulacan Human Resource coordinator, matapos masungkit ang dalawang magkaibang pambansang parangal sa larangan ng edukasyon.



Dr. Rainelda M. Blanco


Nakamit ni Dr. Blanco ang Amb. Antonio Cabangon-Chua ang Gintong parangal para sa Edukasyon (Pamumuno at Paglilingkod ng Guro) makaraang manguna sa *screening* at balidasyon na isinagawa sa Region at Division Level gayundin ang kanyang anak na nasungkit naman ang Gawad Siklab: *Search for Outstanding Youth Formation Coordinators.*

Layunin ng mga parangal na ito na kilalanin ang natatanging kontribusyon ng mga guro, punongguro , superbisor at kawani ng Department of Education (DepEd) na kinakitaan ng mabuting ehemplo sa paggawa at pamamahala sa larangan ng edukasyon.

Taunang isinasagawa ng DepEd ang Amb. Antonio Cabangon-Chua Gintong Parangal para sa Edukasyon (Pamumuno at Paglilingkod ng Guro) katuwang ng Marylindbert International at Fortune Life Insurance Inc. samantala, ito ang unang pagkakataon ng Gawad Siklab: *Search for Outstanding Youth Formation Coordinators.*

Iginawad ang parangal via Zoom kay Dr. Blanco noong Mayo 28 at Oktubre 15 naman sa kanyang anak via DepEd Philippines, DepEd Tayo, DepEd Tayo-Youth Formation Facebook page.

*If you want to produce a good, loving citizen,* magsimula ka sa pamilya mo. Ito ang naging panuntunan ko sa pagpapalaki sa aking mga anak kaya siguro pareho kami ng nagiging takbo ng buhay ni Inah, ang maglingkod sa DepEd, sa bata at sa bayan," pahayag ni Dr. Blanco.



Inah Marifaye M. Blanco

# Guro ng VDFHS kampeon sa pagsulat ng sanaysay

Ni: *Maria Ann Margarette R. Morelos*




Sa pamamagitan ng talas ng isip at kahusayan sa wika, nakamit ni Kenneth G. Pabilonia, guro ng Virgen Delas Flores High School (VDFHS) ang unang gantimpala sa Pagsulat ng Sanaysay National Level Kategoryang Pangguro noong Agosto 31.

Mula sa 100 kalahok sa buong bansa, nanguna ang sanaysay ni Pabilonia na may pamagat na "Ang Paglayà ni Nagmalitong Yawà."

Tinalakay nito ang paksang "Mula Kolonyalismo, Tungo sa Nasyonalismo: Papel ng Wikang Pambansa at mga Katutubong Wika sa Pagbabagong-Oryentasyon ng Bansa."

Inorganisa ng *Bureau of Learning Delivery* (BLD) *at Bureau of Curriculum Development* (BCD) ng Department of Education (DepEd) ang isinagawang paligsahan para sa mga guro at mag-aaral. Ito ay mula elementarya at hanggang Senior High School.

Makatatanggap si Pabilonia ng gintong medalya, sertipiko, at P10,000. Maaari ding gamitin at ilatlhala ng DepEd ang kaniyang sanaysay bilang *supplemental* na babasahin sa Filipino.

Kasabay nito, nagsagawa rin ang DepEd ng paligsahan sa pagsulat ng malayang tula para sa mga guro at mag-aaral na tiyak na hahasa sa talento ng bawat isa.

## Pinakamalaking Birtwal na Pagdiriwang sa SDO Bulacan Naitala

Ni: *Jonalyn P. Magdalena*

Naitala sa kasaysayan ng Dibisyon ng Bulacan ang pinakamamalaking birtwal na pagdiriwang *via Facebook live* na umabot sa halos walong libong *peak live viewers* noong Oktubre 4, 2021 sa pagdiriwang ng dibisyon ng *World Teachers' Day*.

Umabot naman sa 66,000 ang naitalang views, 21,400 ang comments at 31,500 ang reactions na kauna-unahang naganap sa kasaysayan ng birtwal na pagdiriwang ng Schools Division Office (SDO) Bulacan.


Hinihiling ni G. Marnick Gutierrez, Dalubguro I sa Parada National High School at DepEd Tayo Bulacan Social Media Ambassador, na patuloy na i-*follow* at i-*share* ang *content* ng DepEd Tayo Bulacan, ang opisyal na Facebook page ng SDO Bulacan.

"Labis po ang kagalakan ng aming *team* sa DepEd Tayo Bulacan dahil nakapagtala po tayo ng kasaysayan ng kauna-unahang pinakamalaking birtwal na pagtitipon noong *World Teachers Day*. Inaanyayahan ko po kayo na patuloy po nating i-*follow* at i-*share* ang ating FB page", ani G. Gutierrez.




## 86% guro, kawani sa SDO Bulacan bakunado na

Ni *: Gloria Mateo*




Umabot na sa 86 na porsyento ang mga guro at kawani sa Schools Division of Bulacan (SDO Bulacan) ang bakunado laban sa Covid-19.

Batay sa *monitoring* ng School Health and Nutrition Unit (SHNU) School Governance Operation Division (SGOD) ng DepEd Bulacan, sa kabuuang bilang na 17,661 na guro at kawani ng SDO Bulacan, umabot na sa 15,172 ang bakunado; 12, 630 rito ang tapos na ang 2nd dose at 2,542 naman ang bakunado pa lamang ng 1st dose.

Nangunguna sa pinakamaraming bakunado ang Norzagaray na may 98.16% o 961 sa kabuuang bilang na 979, sinusundan ng SDO na may 97.18% o 172 sa kabuuang bilang 177 at pumapangatlo ang Obando sa 95.77% o 317 sa kabuuang bilang na 331.

Samantala, Santa Maria naman ang may pinakamaliit na bahagdan ng bakunado sa 66.28% o 1325 sa kabuuang bilang na 1999.

Isinasagawa ang naturang *monitoring* upang masiguro ang kaligtasan ng DepEd Bulacan sa Covid-19 bilang mga *education frontliners.*

Ang datos ay mula sa SDO Bulacan Vaccination Weekly Report ng SHNU SGOD DepEd Bulacan na inilabas noong Oktubre 25.

## Best DepEd Tayo Facebook Pages sa Sangay ng Bulacan Kinilala

Ni: *Jeffrey M. Espino*


Kinilala ang lahat ng mahuhusay na Facebook page sa Sangay ng Bulacan sa ginanap na Search for 2021 Best District and School DepEd Tayo Facebook Pages and Best Information Officers noong Hulyo 19, 2021.

Nanguna ang Catanghalan Elementary School sa Kategoryang Maliit na Paaralan, Bagong Barrio Elementary School sa Kategoryang Katamtamang Laki ng Paaralan, Sta. Rita Elementary School sa Kategoryang Malaking Paaralan at Obando Central School naman sa Kategoryang Napakalaking Paaralan.

Ang mga kinilala naman sa sekondarya ay pinangunahan ng Emilia Perez Ligon HS sa Kategoryang Maliit na Paaralan; Angel M. Del Rosario High School sa Kategoryang Katamtamang Laki ng Paaralan, Cambaog National High School sa Kategoryang Malaking Paaralan; at San Miguel National High School sa Kategoryang Napakalaking Paaralan. Samantala, sa lahat ng mga distrito na may pahina, ang distrito naman ng Angat ang nakakuha ng una ng puwesto.

Kasabay ring pinarangalan sa gawain ang mga mahuhusay na *School at District Information Coordinator* na pangunahing naging katuwang ng paaralan sa pangangasiwa sa paghahatid ng mga impormasyon sa publiko.

Dahil sa matagumpay na gawaing ito, pinaplano ng mga tagapangasiwa na masundan pa ang kahalintulad na pagpaparangal sa susunod na taon upang patuloy na magbigay inspirasyon sa bawat isa.



## Obra Ko, Gabay Mo dagdag na SLM

Ni: ***Daryl Valencia***

Dahil sa kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, inilunsad at inaasahang magagamit ng mga guro bago matapos ang taon ang proyektong Obra Ko, Gabay Mo sa pangunguna ng Tagamasid Pansangay sa Filipino, Dr. Anastacia N. Victorino.

Nilalayon ng proyekto na makalikom ng mga orihinal na akda ng mga gurong Bulakenyo upang maging kalipunan ng mga akdang pampanitikan sa Bulakan na magsisilbing *supplementary learning material (SLM)* na sumasalamin sa kultura at kasaysayan ng bawat bayan sa Bulacan.

Nakalikom ng iba't ibang genre ng panitikan ang proyekto tulad ng tula, kuwentong pambata, bugtong, maikling kuwento, sanaysay, anekdota, pabula, alamat, balagtasan, talumpati, tanaga, spoken poetry, at tugmang de gulong.

Sumailalim sa balidasyon ng Division Learning Resources Management and Development System (LRMDS) Team ang mga akda.

Ang naturang proyekto ay nilahukan ng mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan.

Ang Obra Ko, Gabay Mo ang kauna-unahang kalipunan ng lokal na akda sa Dibisyon ng Bulacan.



## Papel ng wikang katutubo sa pagtuturo ng Filipino ipinaliwanag sa Serye ng Webinar ng KWF

Ni: ***Dina G. Relojo***

Upang mas mapalawak pa ang kaalaman sa pagtuturo ng Filipino gamit ang wikang katutubo, dinaluhan ng mga guro sa Filipino ang isinagawang serye ng webinar ng Komisyon ng Wikang Filipino na ginanap sa limang araw ng Lunes ng buong buwan ng Agosto.

Nakaangkla sa tema ng Buwan ng Wika na *"Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino"* ang bawat paksa ng webinar.

Sinimulan ang serye sa panayam ni Prop. Patrocinio V. Villafuerte na may paksang "Wikang Katutubo: Tanghalan ng Yaman at Kalinangang Katutubo", noong Agosto 2.

Sinundan naman ito ng "Wikang Katutubo: Wika ng Lahi, Wika ng mga Bayani", ni Prop. Dexter Bomediano Cayanes, Ph.D. ng Pamantasang De La Salle noong Agosto 9.

Ikatlong panayam sa serye ang paksang "Wikang Katutubo: Wika ng Lahi, Wika ng mga Bayani" na naging tagapanayam si Asst. Prof. Alvin Ringgo Reyes ng Unibersidad ng Santo Tomas noong Agosto 16.

"Mga Wikang Katutubo sa Pagbuo ng Pambansang Panitikan" naman ang naging paksa sa ikaapat na serye ng webinar na si Romeo Palustre Peña, Ph.D. ng Polytechnic University of the Philippines- Manila ang tagapanayam noong Agosto 23.

Samantala, ipinagpatuloy pa rin ng tagapanayam na si Prop. Felipe M. De Leon, Jr., PhD, isang kompositor at iskolar, puno ng National Committee on Music ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, ang panayam na may paksang "Filipino at mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino sa kabila ng *holiday* noong Agosto 30."

## Problema sa load, internet connectivity sinolusyonan ng DepEd

Ni: ***Renalyne G. Villafane***

Load mo, sagot ng DepEd.

Upang matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa connectivity load, inilunsad ng Department of Education ang DepEd Subscriber Identity Module (SIM) Card and Connectivity Load Program kaugnay ng Bayanihan 2 Act.

Layunin ng programang ito na tiyaking maipaabot ng DepEd ang mga serbisyong pang-edukasyon sa mag-aaral sa gitna ng pandemya.

Matapos ipamahagi ang mga sim card sa mga guro at kawani ng DepEd, nagsimula na ang buwanang *load* nito noong Agosto 3 sa 277,381 sim cards na ipinamahagi at nagsimula ng *connectivity load* noong Hulyo, 2021. Samantalang ang ibang nabigyan ng sim card ay nakatanggap ng kanilang buwanang *load* noong Agosto 25.

Tinatayang 1GB bawat araw ang magagamit sa *eLearning apps* at *whitelisted* o *zero rated apps* ng DepEd at 4 GB na open access sa ibang apps kaya sapat na ang 34 GB na buwanang load ng SIM card na ito. Ang kabuuang 102 GB na load ay hahatiin sa apat na buwang load na magagamit hanggang Hulyo, 2022.




## Gurong Bulakenyo, binigyang-pugay sa World Teachers' Day

Ni ***Maria Cecilia D. Halasan***

Sa pamamagitan ng pagpaparangal sa mga nagwagi sa patimpalak, sama-samang ipinagdiwang ng Dibisyon ng Bulacan ang World Teachers' Day sa isang birtuwal na pagdiriwang sa DepEd Tayo FB Page noong Oktubre 4.

Pinarangalan ang mga kalahok na nagwagi sa *Best Teacher in Pandemic Fashion Attire* samantalang nagpasiklaban ng galing sa kanilang napapanahon at makabuluhang hugot line sa *Best Hugot Line on Pandemic by Teacher*.

Kinilala rin ang mga gurong nagpagalingan ng galawan at mensaheng pang-tiktok sa *Best Teacher TikTokers, Most Appealing Good Deeds/ Vibes by Teacher Amid Pandemic* at *Most Enticing Hopeful Moment of Teacher in Distance Learning.*

Tumanggap ng papremyo sa raffle ang 187 guro mula sa apat na distrito ng Bulacan , bukod pa sa mahigit 18,000 *souvenir* para sa mga guro na nagmula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan. May kabuuang 165 guro ang nagwagi ng tig -P1000; 20 tig-P5000; 12 tig-P10,000 na hinati sa EDDIS 1-4.

# 1400 DF Scholarship Program pinalalawig pa

ni: *Marissa DC. Mendoza*


Upang makapagpatuloy ng pag-aaral ang mga kabataang Bulakenyo sa kabila ng banta ng pandemya, pinalawig pa ang kasalukuyang humigit-kumulang 1400 na benepisyaryo ng programang pang-edukasyon na "Tulong Pang-edukasyon para sa Bulakenyo" ni Gobernador Daniel R. Fernando.

Makatatanggap ng tulong pinansyal ang bawat benepisyaryo ng naturang programa sa ilalim ng inilunsad na "The People's Agenda 10" ni Gob. Fernando katuwang ang buong Pamahalaang Panlalawigan.

Layunin ng nasabing programa na bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang Bulakenyo na makapagpatuloy ng pag-aaral sa kabila ng kahirapan at pandemya.

Naniniwala si Gob. Fernando at Pamahalaang Panlalawigan na edukasyon ang sagot upang masugpo ang kahirapan.

Isinagawa ang *online registration* at *screening* noong Disyembre hanggang Pebrero.



*"Lubos po akong nagpapasalamat kay Gob. Fernando sapagkat sa napakaraming mag-aaral na sumubok makapasok* di- *to ay isa ako sa masuwerteng napili. Naging motibasyon at inspirasyon ko ito upang pag-igihan pa lalo ang aking pag-aaral. Nawa'y marami pa ang kanilang matulungan at mabigyan ng pag-asang maabot ang mga pangarap,"* ani Relyn Masula, mula sa Prenza National High School at isa sa mga benepisyaryo ng nasabing programa.

Samantala, bukas ang naturang *scholarship program* sa lahat ng mag-aaral ng sekondarya, pribado man o pampubliko at maging sa kolehiyo.

# Interbensyon sa pagbasa inaasahang isasagawa ng mga paaralan sa SDO Bulacan

Ni: **Lecil Dionicio**


***Brigada Pagbasa susi sa literasiya.***

Upang masolus-yunan ang kahinaan ng mag-aaral sa pagbasa sa isa sa mga suliraning kinahaharap ng Department of Education (DepEd), inilunsad ng Dibisyon ng Bulacan ang Brigada Pagbasa kasabay ng Virtual Kick-Off Program ng Brigada Eskwela noong Agosto 17.

Sinimulan na ang pagbasa sa Dibisyon ng Bulacan; Early Grade Reading Assessment o EGRA para sa baiting 1-3; Philippine I nformal Reading Inventory o PHIL-IRI para sa baitang 4-6; at bumuo naman ng paunang pagtataya para sa sekundarya upang makakuha ng baseline data na gagamitin sa pagbuo ng mga interbensyon na tutugon sa kahinaan ng mag-aaral sa pagbasa sa pangunguna ng Pansangay na Tagamasid sa Filipino Dr. Anastacia N. Victorino.

Layunin ng Bri-gada Pagbasa na magtulungan ang lahat ng *stakeholder* upang matutong bumasa nang may pag-unawa ang mga mag-aaral.

Inaasahan ng SDO Bulacan na magiging katuwang ng dibisyon ang mga punongguro at mga koordineytor ng Brigada Eskwela sa pagsasakatuparan ng Brigada Pagbasa.




# Kahusayan sa pagsulat ng mga Guro, Mag-aaral Kinilala sa Pansangay na Tagisan sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika

Ni: **Kenneth G. Pabilonia**

Sa pamamagitan ng 2021 Pansangay na Birtuwal na Tagisan, kinilala ang kahusayan sa pagsulat ng mga guro at mag-aaral bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2021 sa pangunguna ng Tagamasid Pansangay sa Filipino Dr. Anastacia N. Victorino, Dibisyon ng Bulacan.

Nagwagi sa kategoryang pang-mag-aaral na Pagsulat ng Tula (Elementarya) sina Ron Azir T. Diwa (F. Mendoza Memorial Elementary School) para sa unang puwesto, Ayden Matteus N. Fabonan ( FSS Patulo Elementary School) para sa ikalawang puwesto at Jillian Rob A. Daluz (Pascual O. Cruz Elementary School) para sa ikatlong puwesto.

Nasungkit naman nina Lebrone Dave A. Leodones (Iba National High School) ang unang puwesto, Jennifer DL. Balansag (San Miguel National High School) ang ikalawang puwesto, at Ron Francis T. Silang at (Frances National High School) at Justine C. Rogacion (FVR National High School) ang ikatlong puwesto sa Pagbuo ng Slogan (Baitang 7- at 8).

Wagi rin sina Amhigo Charles O. Santiago (Tiaong National High School) sa unang puwesto, Naomi Garette C. Canoza (Aguinaldo J. Santos National High School) sa ikalawang puwesto, at Jasmin Dale Santiago (Parada National High School) at Jaymarc C. Ventura (Minuyan National High School) sa Ikatlong puwesto.

Nakuha naman ng Prenza National High School ang una at ikalawang puwesto sa Pagbuo ng *Video Presentation* (Baitang 11 at 12) sa katauhan nina Edwin R. Mejia at John Christian Jerick Giron, at nagmula naman sa Frances National High School ang ikatlong puwesto sa katauhan Mark John Esguerra.

Samantala, ang mga nagkamit ng karangalan para sa kategoryang pangguro sa Pagsulat ng Sanaysay ay sina Abigail A. Palma ( San Rafael National Trade School) sa unang puwesto, Dina G. Relojo (Prenza National High School) sa Ikalawang puwesto, at Jerwin C. Roque (Mariano Ponce National High School) sa ikatlong puwesto.

Pito pa sa bawat kategorya ang binigyan ng Natatanging Parangal.

Umikot sa tema ng Buwan ng Wika na "Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino" ang paksa sa bawat kategorya.

## Karanasan, sakripisyo ng mga guro ibinida sa pagdiriwang ng World Teachers' Day

***Ni: Mharikith E. Fababier***

Kinilala ang karanasan at sakripisyo ng mga guro ng Dibisyon ng Bulacan sa pamamagitan ng *video presentation* na idinerehe ni G. Marnick Gutierrez, Dalubguro I sa Parada National High School at DepEd Tayo Bulacan Social Media Ambassador na ipinalabas sa pagdiriwang ng World Teachers' Day ng dibisyon via Facebook Live noong Okt. 4.

Inilahad sa naturang bidyo ang sakripisyo ng mga gurong tulad nina Christian Magno ng Pinag-anakan Elementary School, Zandro Donceras ng Bato Elementary School at Crislyn Dela Cruz ng Binuangan Elementary School sa panahon ng pandemya

Makikita sa naturang bidyo ang paghatid ng mga modyul sa bawat mag-aaral nang namamangka at tumatawid sa mga bahay na nakatayo sa ilog gayundin ang paglalakad ng ilang kilometro sa matatarik na daan.

Layunin ng naturang bidyo na pahalagahan ang sakripisyo ng mga guro sa paghahatid ng karunungan sa mag-aaral na may temang "Ngiti: Pagbibigay-pugay sa mga Naiwang Ngiti at Patuloy na Nakangiti sa Hamon ng Pandemya" at magsilbing inspirasyon sa lahat.

Nagsagawa ng magkakabukod na birtwal na selebrasyon sa bawat EDDIS na ginanap noong Setyembre 22 ang Eddis 1 sa 9:00 n.u at EDDIS II sa 1:00 n.h; Setyembre 27 naman ang EDDIS III sa 9:00 n.u at EDDIS IV sa 1:00 n.h,; at buong dibisyon noong Okt. 4 sa 9:00 n.u.



## Gamit Mo, Handa Ko muling umarangkada

***Ni: Mbel Joy L. Sarmiento***

Sa pamamagitan ng *rolling bookshelf rack*, inilunsad ang ika-11 taon ng proyektong "Gamit Mo… Handog Ko..." ng Sulivan National High School (SNHS) noong Oktubre 11, 2021.

Layunin ng adbokasiyang ito na mabigyan ng gamit pang-eskwela ang mga mag-aaral, batang lansangan at maging ang mga batang nakatira sa kabundukan.

Tinatayang 200 bata ang nabigyan ng mga gamit pang-eskwela ngayong taon.

Nilalaman ng " Gamit Mo… Handog Ko.." ang mga papel, bolpen krayola, kwaderno, pambura, pantasa at expandable envelope na mula sa iba't ibang *sponsors* tulad ng pamahalaang barangay ng Tilapayong sa Baliwag, Bulacan sa pangunguna ni Kap. Teofilo M. Alamrio at Kon. Erlinda San Pedro, Education Officer.

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pangangalap ng mga donasyon para sa nasabing adbokasiya ng paaralan.

Disyembre 2016 nang simulan ang nasabing adbokasiya.







## DCP 2019 ipinahiram sa mga gurong walang magamit na laptop, tablet

**Ni *Mharikith E. Fababier***

Dahil nasira o hindi gumagana nang maayos ang laptop ng 26 na guro ng Bunsuran National High School (BNHS), ipinahiram ng paaralan ang DepEd Computerization Package Batch 2019 sa pangunguna ni Gng. Nancylita Cubol, Punongguro IV at Robert Saplad, *property custodian.*

Naunawaan ni Gng. Cubol ang sitwasyon ng mga guro sa panahon ng pandemya kaya minabuti niyang ipahiram ang mga laptop at tablet upang mapakinabangan lalo na sa *online classes* at iba pang gawaing birtwal ng paaralan at DepEd.

"Mas mainam na ipahiram muna sa mga guro ang mga laptop at tablet galing sa DCP kaysa naman nakatago lang. Di ko kayang tiisin ang hinaing ng mga guro dahil totoo namang mahal ang mga gadget ngayon. Sana ay ingatan nila para maibalik nila ng nasa maayos na kondisyon at magamit pa ng ibang gurong .mangangailangan", ani Gng. Cubol.

Ayon kay G. Saplad, 50 laptop, 50 tablet at 50 headset ang galing sa DCP 2019 na maaaring ipahiram sa mga guro.

Labis naman ang pasasalamat ni Michelle Concepcion, guro ng BNHS na isa sa 26 na nakahiram ng laptop dahil matagal na rin niyang pinagtitiisang gamitin ang kanyang sirang laptop na halinhinan pa nilang ginagamit ng kanyang anak na nag-aaral sa kolehiyo.

"Napakalaking tulong sa akin ng laptop na ito. Ang mahal po kasing ipagawa nung laptop ko, ang mahal din kapag bumili ako ng bago, kaya noong nalaman kong nagpapahiram ang school ng laptop, hindi na ako nahiya. Habang nasa akin ang laptop na ito ay mag-iipon ako ng pambili ng laptop para maibalik ko sa school at magamit pa ng iba", ani Concepcion.

Samantala, handa pa ring ipahiram ng paaralan ang natitira pang 74 na gadget sa mga gurong nangangailan.



**Masigasig na nag-e-encode ng Marka Ng kanyang mag-aaral si Michelle Concepcion sa Bunsuran National High School. Larawang Kuha ni: Mharikith Fababier**



## EDITORYAL

### EduAKSYON

**Labis na mapanghamon ang pagbabagong idulot ng coronavirusdisease (COVID-19) sa pamaraan ng pagpapanday ng kaisipan ng mga kabataan.**

**Ngayong buwan ng Setyembre,muling inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang muling pagbubukas ng klase para sa taong pampanuruan 2021-2022. Nangangahulugan lamang ito na muli na namang hahasain ng mga guro ang kaisipan ng mag-aaral sa pamamagitan ng modular learning, online distance learning o blended learning. Ito ang mga kaparaanang ginagamit ng DepEd upang maipagpatuloy ang edukasyon.**

**Sa likod ng lahat ng ito, tunay na hindi matatawaran ang sakripisyo ng bawat isang guro sa paglilingkod para lamang sa kapakanan ng mag-aaral. Kaya naman, nakagagalak na sa pangunguna ng butihing gobernador ng Bulacan-Igg. Daniel R. Fernando at sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Eduka syon at ng lokal na pamahalaan, nabigyan ng pagkakataon ang mga guro na mabakunahan ng gamot kontra COVID-19. Tunay na malaki ang maitutulong nito upang mailayo sila sa peligro.**

**Nakatutuwang isipin na kahit na tayo ay may kinakaharap na matinding pagsubok, hindi pa rin kumukupas ang serbisyo ng mga opisyal ng ating bayan at lalawigan. Hindi matatawaran ang kanilang adhikain na makapaglinkod sa kanilang nasasakupan.**

**Dagdag pa rito, naglungsad din ng 'Tulong-Pang Edukasyon-para-sa-Bulakenyo' ang lalawigan ng Bulacan. Isa itong programa kung saan ang mga mag-aaral mula senior high school at college na mapipiling benipisyaryo ng programa 'y makatatanggap ng tulong pinansyal para sa kanilang pag-aaral.**

**Sa huli, bagaman labis na mapanghamon ang pagbabagong dulot ng coronavirus disease sa ating mga buhay, partikular sa paraan ng pagtuturo at pagpapanday ng kaisipan ng mga kabataan-nananatili ang aksyon sa edukasyon ng ating gobyerno upang sama-sama nating maharap ang mga unos na dulot ng pandemya.**

-Jaypee T. Reyes-
Carlos F. Gonzales High School

## Face-to-Face Classes, dapat na bang ipatupad

Mervy G. Marcelo



Itinatayo natin ang ating kinabukasan, edukasyon ang pundasyon. Napakahalaga ng eduka- syon sa bawat pamilyang Pilipino. Kaya't maraming mga magulang at mag-aaral ang nagnanais na makabalik sa paaralan upang mapagtuunan ng pansin ang pagaaral ng bawat batang Pilipino.

Ayon kay Sen. Sherwin Gatchalian, chairman ng Senate Committee on Education dapat ay may plano na ang gobyerno sakaling magkaroon ng face-to-face classes .

Alinsunod dito ang proposal ng DepEd sa mga gabinete noong Disyembre ng mga required health protocols kung sakaling magkakaroon ng physical learning. Nakapaloob dito ang regular na pag-disinfect sa mga pasilidad, pagmonitor ng symptoms at upgra- ding ng mga klinik. Lilimitahan din ang bilang ng mga mag-aaral kung saan 15-20 estudyante lamang ang papasok batay sa iskedyul.

Subalit panahon na nga ba upang ipatupad ang face-to-face classes? Wala pa rin tayong kasiguraduhan sa kaligtasan ng mga mag-aaral at guro laban sa COVID-19 Wala pa ring natutuklasang gamot sa naturang sakit at hindi pa lahat ay nababakunahan.

Kaya naman sa isang virtual press briefing ng Department of Health (DOH), sinabi ni Health Secretary Francisco Duque III na tuloy pa rin ang pagbabawal sa face-to-face na klase bunsod ng pangambang dulot ng pandemya.

Sa kabila ng mga panukala na magkaroon na ng face-to-face na klase sa ilang piling lugar sa bansa na mababa ang kaso o wa- lang kaso ng COVID19.

Gayunpaman, masasabi nating, lahat ng bagay ay makapaghihintay. Ang pagpapatupad ng face-to-face na klase ay makapaghihintay. Hindi natin dapat madaliin ang mga bagay-bagay. Makapagpapatuloy ang eduka- syon kahit walang face-to-face na klase sa pamamagitan ng distance learning. Kung ang edukasyon ay kayamanan gayundin ang ating kalusugan.

## PATNUGUTAN

**Mharikit E. Fababier**
PUNONG PATNUGOT

**Maria Anne Margarette Morelos**
PATNUGOT NG BALITA

**Imelda Golez**
**Alfredo Correa**
TAGAPAG-ANYO

**Emma Caparas**
**Emma C. Guitaba**
KATUWANG NA PATNUGOT

**Jaypee T. Reyes**
**Arlene SD.Tuazon**
PATNUGOT NG PANGULONGTUDLING

**Abel Lim**
**Carolina dela Cruz**
TAGAGUHIT

**Ether Reyes**
PATNUGOTNGLATHALAIN

**Richard C. Biglete**
**Jenn Malitan**
**Dr. Romel Roque**
SIRKULASYON

**Efraim Ran Mendoza**
PATNUGOT NG ISPORT

**Raymond Villafane**
**Robert Lovendino**
TAGASURI NG WIKA

**Dr. Nestor Lucas**
TAGAKUHANGLARAWAN

**Anastacia N. Victorino**
**Gregorio C. Quinto Jr.**
KONSULTANT

Ang BULAKENYO



# Buhay Guro

*Itampok ang Husay ng Gurong Bulakenyo*

Emma Concepcion C. Caparas

**Marubdob ang hangarin ng SDO-Bulacan na maitampok ang husay ng mga gurong Bulakenyo sa pagsulat upang maibantayog ang wika at panitikang Pilipino sa daluyong ng bagong normal.**

Sa inilabas na Memorandum Pansangay Blg. 174 s. 2020, na may pamagat na Pansangay na Pagsulat ng mga Uri ng Panitikan (Elementarya at Sekondarya), inilunsad ang Pansangay na Proyektong Obra Ko, Gabay Mo. Hangarin nitong makalikom ng mga orihinal na akda ng mga talentadong-Bulakenyo upang maging kalipunan ng mga akdang pampanitikan sa lalawigan ng Bulacan na dumaan sa masusing balidasyon na nagsimula noong Hulyo 1-15, 2021.

Malaking tulong ang proyekto na pinangunahan ng EPS sa Filipino, Dr. Anastacia Victorino. Isa ako sa mga gurong nakiisa sa pagdukal ng mga ito. Sa tulong ng proyekto ay naibahagi ko ang akdang tula bilang pakikibaka upang maging bayani ng wika, sampu ng iba pang naging kontribyutor .

Sa adbokasiyang makabuo ng kalipunan ng mga akdang pampanitikan na, sa basbas ng LRMDS ng Bulacan, matutugunan ang mga pangangailangan sa panturong kagamitan. Di lingid sa atin na marami sa mga guro ang gumagamit ng Google at You Tube sa paghahanap ng mga karagdagng kagamitang panturo.

> ***"Mas mainam sana kung ang mga akdang orihinal na isinulat ng kapwa nating Bulakenyo na dumaan sa tamang pagsusuri ang gagamitin, hindi ba?"***

Suportahan natin ang proyektong tulad ng Obra Ko, Gabay Mo ,magsisilbi itong tulay sa mga bagong dulog sa pagtuturo at lalo pang pagpapakadalubhasa ng mga guro't mag-aaral sa wika at panitikan. Yakapin natin at itampok ang talento sa pagsulat at ibahagi ito tungo sa lalo nating pagkatuto ng mga guro at mag-aaral.



# Bulakenyang Teacher-Broadcaster, Pinusuan ng mga Magulang

Abigail A. Palma

Iba ang may alam… sapagkat nagbunga na ang sakripsiyo ni Bb. Whisper P. Salinas, teacher broadcaster ng SDO ng Bulacan nang maiuwi niya ang Parents' Choice Award na isa sa mga prestihisyosong award sa ginanapna DepEd TV Awards 2021 na ginanap nitong Oktubre 3.

Bago ito, nominado si Teacher Wise para sa tatlong kategorya: Most Outstanding Teacher-Broad caster (Subject-Based Edukasyon sa Pagpapakatao; Most Outstanding Teacher-Broadcaster (Level-Based) Junior High School; at DepEd Core Values Award (Maka-Diyos Episode of the Year) Junior High School.

Bagamat aminadong mahiyain ay tinanggap ni Teacher Wise ang hamon ngmag-auditionat magpasa ng kaniyang video clip. Nagkaroon ng pagbabago ang kanyang buhay sapagkat higit na nagkaroon siya ng tiwala sa sarili at ayon sa kaniyang panayam ay nagapi niya ang kaniyang "greatest enemy," walang iba kundi ang kaniyang sarili. Labis ang galak ng ating teacher-broadcaster gayundin ang kaniyang Punong guro III na si Gng. Jennet A. Manalo at mga kasamang guro.

Taglay niya ang mga katangiang tulad ng pagiging "passionate, dedicated, maayos sa lahat ng gingawaaytalaga namangpinagpaguran, pinaghirapan at ibinigay niya ang kaniyang 100% sa lahat sa gawaing ito .

Sa pagpapatuloy ng kaniyang karera sa lente ng kamera… ang pagbabahagi ng kanyang adbokasiya na maipakita na ang tao ay nilikha ng Diyos na mabuti kaya sa pamamagitan ng paglikha ng video lessons gigisingin ang kabutihan ng puso ng bawat mag-aaral.

Tularan natin si Teacher Wise, maging matalino nawa tayo sa paghubog sa talentong kaloob Niya sa atin. Huwag mahiyang ipakita ang husay at galling sa lahat.



# Suportahan and Digital Literacy ng DepEd

Jocelyn M. Gamo

Hindi nagpatinag ang kagawaran ng Edukasyon sa hamon ng makabagong panahon sa pagsusulongngedukasyonsa pandemya. Marapat lamang na suportahan ang adbokasiyang ito.

Sa inilabas na memorandum OUA 00-1021-0120, nakapaloob dito ang pagpapaunlad ng Digital Literacy sa mga namumuno, mga kaguruan at mga mag-aaral sa buong rehiyon. Nagkaroon ng live broadcast noong Oktubre 22,2021 para sa birtwal na lektura, kung saan ang lundo ay ang benepisyong hatid ng Microsoft 0365 na libreng handog ng kagawaran sa mga personel, guro at mga mag-aaral.

Malaking tulong ito sa mga kaguruan, una ayotomatikong magagamit ang mga makabagong features nito sa pagtuturo. Taglay nito and Word Online, Excel, Forms na maaaring gamitan ng survey at sa paggawa ng mga pagsusulit. Malaking bagay din ang MS Teams para sa pagsasagawa ng online class, mga pagpupulong at pagdalo sa mga webinars.

Gayundin naman, sa tulong ng 0365 ay nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong mabuksan ang file anumang oras. Nagiging madali ang komunikasyon maging ang paggawa ng takdang-aralin gamit ang iba't ibang aplikasyon. Malaking bentahe rin ang storage drive na taglay nito. Hindi matatawaran ang benepisyo ng 0365 sa patuloy na paglago ng edukasyon sa gitna man ngpandemya.

Maging lubos sana ang paggamit nito at huwag nating sayangin ang makabagong kaalamang inihahain sapagkat ito ay para rin sa ating propesyunal na pag-unlad.



## Pintig ng Panitik

### *Serbisyo: Ramdam sa Edukasyon*

Glen Moore B. Adriano

Pormal na inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang “Brigada Eskwela” para sa School Year 2021-2022 noong Agosto 3, na may temang “Bayanihan para sa Paaralan”. Layon nitong palakasin ang diwa ng bayanihan sa pagitan ng kagawaran at stakeholders upang maihatid ang dekalidad na edukas- yon sa gitna ng pandemyang kina- haharap sa pagbubukas ng klase.

Malinaw na nakasaad Seksyon 98 ng Batas Republika 7160 o Local Government Act of 1991 ang pagta tatag ng local school board sa bawat lalawigan, siyudad at munisipalidad sa bansa na maglalaan ng pondo sa edukasyon sa pamamagitan ng Special Education Fund.

Kaya naman hanga ako sa suporta ni Gob. Daniel R. Fernando sa edukasyon. Kama-kailan lamang ay 15,331 mag-aaral sa senior high school at kolehiyo na pinagkalooban niya ng tulong pinansyal sa ilalim ng Tulong Pang-Edukasyon Gabay ng Bagong Hene-rasyon Scholarship Program. Nagpa-patuloy pa rin ang pagpapatayo niya ng mga gusaling pampaaralan sa lalawigan.

Hindi na mabilang ang tulong sa atin ng mga alkalde ng bawat bayan, ramdam natin ang malasakit nila sa mga guro at mag-aaral. Maagap silang tumugon sa kahilingan ng mga guro na agad na mabakunahan upang masiguro ang kaligtasan habang ginagampanan ang sinumpaang tungkulin para sa kapakanan ng mga bata.

Patuloy ang pamimigay ng mga school supplies at iba pang kagamitang panturo.

Katulad na lamang ng ginawa ni Mayor Ricardo Silvestre ng Marilao kung saan ay naglaan ng pondo para makabili ng 20 risograph machine na ipamamahagi sa lahat ng mga paaralan. Kasama rin ang alokasyon sa pagbili ng bond paper.

Bukod pa rito ang ang patuloy na programa para sa Masteral Education ng mga guro at scholarship sa mga piling mag-aaral. Todo rin ang kanyang suporta sa kalusugan ng mga mag-aaral sa pamamahagi ng bitamina.

Ang suportang ipinapakita ng Bayan ng Marilao sa larangan ng edukasyon ay magsilbi sanang halimbawa sa iba pang lokal na pamahalaan upang ibuhos ang suporta sa mga mag-aaral at sa mga guro.

Magkapit-bisig tayo para sa kabataang Bulakenyo Ang pagtuulungan at pagbabayanihan ay daan upang ang hamon sa edukasyon sa gitna ng pandemyang pinadaraanan nating lahat sa kasalukuyan ay mapagtagumpayan.

Walang imposible kung samasama, tulong-tulong.

## Dekalidad Dapat

Arlene SD. Tuazon



Simula nang tamaan ng pandem yang COVID-19 ang Pilipinas ay hindi maikakailang naging dahilan ito ng pagkabansot sa pagkatuto ng mga mag-aaral, kaya't isang malaking hamon kung paano mapaghahandaan nang mas epektibo angdarating na pasukan

Kaugnay ng usaping ito, ipinahayag ni Education Undersecretary at Chief of Staff Nepomuceno Malaluan na pinala lalim nila ang prepara syon para sa nalalapit na Taong Panuruan 2021-2022. Marapat lamang ang hakbanging ito dahil naging madali ang nakaraang pasukan sa ilalim ng “distance learning”. Ipinahayag din ng nasabing ahensya na magsasagawa sila ng National Oplan Balik Eskwela (OBE) na may temang OBE 2021:Bayanihan Para sa Ligtas na Balik Eskwela sa Setyembre6 hangang 17.

Samantala, lubos na paghahanda ang ginagawa ng DepEd para sa pagbubukas ng klase kaya mainam na talakayin at busisiing mabuti ang mga usapin ukol sa kasalukuyang edukasyon. Sa dakong huli, hindi naman masama na magpatuloy ang distance learning kung talagang hindi pa sapat ang pagbaba ng bilang ng mga tinatamaan ngCOVID -19 sapagkat napakahalaga ng kalusu - gan at kaligtasan ng bawat isa, pero sa kabila nito ay kailangang alalahanin na hindi dapat makom pormiso ang saganang pagkatuto ng mga kabataan sa henerasyong ito.



## Susubok na Magmuli

Olliive S.. Calliillong

**Hakbang pasulong na!**

Handang sumalunga ang Kagawaran ng Edukasyon maging sa banta man ng pandemya maitaguyod lamang ang pag-aaral ng mga kabataan na tinatawag na “new normal set-up,” o distance lear- ning sa kasalukuyan.

Minsan pa ay inilatag ang tulay na mag-uugnay upang ang paghaharap sa mga matututuhan pang aralin ay maisaproseso sa pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Pinal na ang desisyon ni pangulong Rodrigo Duterte sa pagsisimula ng klase sa darating na Nobyembre 15 ng taong kasalukuyan, ito ay pilot testing ng face-to-face classes sa kinder garten hanggang Senior High School. Isasagawa ito sa 120 bilang ng mga pampublikong paaralan at 20 rito ay pribadong paaralan na ayon sa tala ay may mababang bilang lamang ng kaso ng COVID-19 sa bansa ang lalahok. Marami mang hati ang opinyon sa panukalang ito, tiniyak naman ng Kagawaran ng Edukasyon na ititigil ito kapag sa nasabing lugar ay magkaroon ng hawahan.

Binigyan din naman ni DepEd Secretary Leonor Briones na marapat sundin ng mga paaralang kalahok upang makapasa sa kagawaran: una, safety assessment, ikalawa ay may pahintulot ng lokal na pamahalaan ang pagsali ng paaralan,ikatlo ay lihampahintulot ng magulang sa pagpasok na muli ng anak niya sa paaralan at panghuli ay kasapatan sa pasilidad ang mga paaralan sa pagpapatupad ng health protocol. Kaya't ang ganitong paghahanda na tiniyak ang kasiguruhan ng maging kaligtasan ay nagkaroon ng 50-50 na disposiyon sa panig ng mga magulang at maging guro.

Bagamat hindi pa kasama ang Bulacan sa pilot testing na ito dahil sa patuloy na pagdami pa ng kaso ng COVID-19 ay kaisa ang paaralang San Rafael National Trade School sa paghahanda, at agarang pagtalima ng mga guro rito sa pagbabakuna. Tinatayang 96.05 porsyento bilang ng guro ang fully vaccinated na nitong Oktubre 14, 2021. Dahil sa iisang layunin na makatupad sa sinumpaang tungkulin na nakaangkla sa bisyon at misyon ng Kagawaran ng Edukasyon, lahat ng panukala at polisiya ng DepEd para sa ikabubuti ng mag-aaral ay malugod naming susuportahan.

Ang BULAKENYO
TOMO 3 HULYO - OKTUBRE 2021



## Mahihirapan Ngunit Hindi Susuko

Ralph L. Quinto



Sa mabilis na pagdaloy ng makabagong panahon sa hamon ng pandemyang ating kinakaharap sa edukasyon ay patuloy pa rin ang senaryo na sumusubok sa katatagan at kahusayan ng mga guro na makapaghatid ng kalidad na edukasyon ng bawat mag-a aral.

Sa kabila ng mga hamon, patuloy na nagsisikap na makasabay sa bagong pamamaraan ng pag-aaral gamit ang teknolohiya gayundin upang makasunod sa makabagong sistema ng edukasyon at maging ang mga pedagohiya sa hinaharap. Tahanan ang nagsisilbing paaralan ngayong sa gitna ng pandemya kaya malaki ang ginagampanang papel ng mga magulang sa panahong ito, nagsisilbing guro at gabay sa pag-aaral ng kanilang mga anak mapainternet o paggamit at pagsagot ng man ng modyul.

Ang modyul at online class ang humalili sa nakasanayang face-to-face na klase upang mapagpatuloy ang pag-aaral , Ito ang mukha ng " Bagong Normal". Bagamat nasa ikalawang taon na tayo ng pagtataguyod ng modular learning na untiunti ng nakaka -adopt ang mga guro, mag-aaral, at magulang na may iba't ibang kalagayan at realidad sa sistema ng edukasyon.

Maraming hamon sa pag-aral upang matuto ang mga mag-aaral, nariyan ang internet connection, time management,gayundin ang pagsagot ng mga modyuls na sumusubok sa kanilang pasensya at idagdag pa ang di maiiwasang ingay sa paligid na nakakagambala sa kanilang pag-aaral.

Sa kabuuan, huwag sana tayong magsawa sa pagabot ng tulong sa ating mga mag-aaral sa pagkatuto at paghubog sa kanilang ambisyon maliit man ito o malaki, parte tayo ng kanilang pagkatao maging ang pagbuo at pagtupad ng kanilang mga pangarap sa buhay na tulay para sa kanilang magandang kinabukasan.

## Gurong Bakunado, Mas Protektado!

Nestor B. Lucas, PhD.



Hindi matatawaran ang dedikasyon at sipag ng mga guro. Kahit ano pang hirap yan at kahit ano pang pagsubok yan pilit na lalabanan, at pilit na lalagpasan makapaghatid lamang ng kaalaman. Sa panahon ng new normal muling pinatunayan ng mga guro na walang makahahadlang para tuparin ang kanilang misyon.

Ngayong nalalapit na ang pagbubukas ng taong pampanuruan 2021-2022, makikita ang kabi-kabilang paghahandang isinasagawa. Mula sa mga karanasan at kasanayan sa nakaraang taong pampanuruan, nakasisiguro na mas mapaghuhusay ang pagtuturo mapa-online man o modyular. Naihanda na ang kanilang mga kasanayan at kasalukuyang pinaghahandaan ang mga gagamitin sa pagtuturo.

Subalit dahil sa mga iba't ibang variant ng COID-19 hindi maiaalis na mangamba para sa kanilang kaligtasan ang mga guro. Lalo na't laman din ng social mediaang ilang mga guro at kawani ng iba't ibang paaralan ang natamaan ng COVID-19. Hindi naman lingid sa ating kaalaman na hindi pa lahat ng guro ay may bakuna na laban sa COVID-19

May mga mapalad na nabigyan na ng bakuna, may ilan na may pag-aalinlangan at may ilan na naghihintay pa na matawagan para sa pagbabakuna. Nawa'y katulad ng mga frontliners at persons with comorbidity ay maging priyoridad din ang pagbabakuna sa mga guro.

Isang panawagan sa lokal na pamahalaan at kapwa ko kaguruan. Mga guro na tagapaghatid ng kaalaman, mga guro na nagsasakripisyo at di alintana ang panganib matupad lamang ang atas ng tungkulin, bago sana magsimula ang taong pampanuruan 2021-2022 ay lahat ng mga guro ay bakunado na.

## Unang Kongreso Isinapuso ng Bulakenyo

Ma. Pilita Jimenez



Kalayaan sa gitna ng pandemya. Isa, dalawa, tatlo…hanggang umabot ng ika-123 na anibersaryo ng Kongreso ng Malolos ay ginunita ng mga Bulakenyo ang natatanging araw na ito, bilang pakikiisa sa pagkatatag ng Unang Republika ng Pilipinas.

Bilang bahagi ng okasyong ito na may temang "Kongreso ng Malolos: Gabay sa Pagsulong sa Hamon ng Kasalukuyang Panahon" na ginanap noong ika-15 ng Setyembre, 2021 ay nag-alay ng bulaklak sa bantayog ni Heneral Emilio Aguinaldo ang ama ng lalawigan - Gobernador Daniel R. Fernando, gayundin ang kinatawan ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas na si Bb. Rosario V. Sapitan, at mga kawani ng lokal na pamahalaan.

Bagamat para sa iilan hindi na gaanong mahalaga ito dahil sa krisis na kinahaharap Hindi mabubura sa kasaysayan ang malaking bahagi na iminarka ng pagkatatag ng Kongreso ng Malolos sa pagkakaroon natin ng kalayaan sa pamamahala ng sariling bansa at ang pamumuno ay para sa mga Pilipino.

Patunay nito ang pahayag ni Gobernor Fernando, "Sa Kongreso ng Malolos namalas ng buong mundo na ang mga Pilipino ay sibilisado at may kakayahang pamahalaan ang sariling bansa. Dito unang binalangkas ang pamantayan para sa isang matapat na pamahalaan. Tayo po ang mapalad na tagapagmana ng kalayaang ito. Huwag nating pabayaang sirain ito ninuman para sa pansariling kapakanan."

Napapanahon ang pahayag na ito ng ating gobernador, lalo pa nga at marami na ang kaso ng COVID-19 sa bansa at tinatayang umabot ito 2,674,814 kumpirmadong kaso, ayon sa tala ng World Health Organization nitong nakaraang Oktubre 12 ng kasalukuyang taon.

Tandaan, tayo ay bahagi ng lipunan at magiging makabuluhang bahagi tayo nito kung tayo ay nakikisangkot sa pamamaraang iba na ang may alam. Panatilihin nating ligtas ang ating mga sarili dahil ito ay pananagutan natin higit kaninuman. Idagdag pa ang pananaw ni Gov. Fernando, bilang isang lingkod bayan, aniya na "The memory of the Malolos Congress should serve as an inspiration to the province's current battle for the return to normality amid the Coronavirus pandemic," kaya't ang pahayag na ito ay magdudulot ng positibong tugon sa bawat Bulakenyo upang tuluyang makalaya sa sumpa ng COVID-19 sa bansa at maging sa buong mundo.

Muli nating iwagayway ang diwa ng kalayaang ipinaglaban ng ating mga bayani at nakangiting salubungin ang sinag ng pag-asa sa puso ng bawat Bulakenyo sapagkat gigising din tayo isang umaga na tapos na ang pandemyang nagpapahirap sa lahat,

## BABALIK KAMI...
## *Babalik Tayo...*

Ni : Vergilio M. Dela Cruz

Mabigat na mga paang marahang humahakbang
Patungo sa bakal na pintuan ng paaralan,
Dagling sisibol ang labis na kalungkutan
Sapagkat ang sasalubong ay nakabibinging katahimi-
kan.

Mabagal na susulyap sa mga silid-aralan
Pawang nakapinid ang mga pintuan,
Bintana... pisara... at mga upuan
Wari'y di kumikibo at nawalan ng buhay.

Malamlam na mga mata... sisipat sa kapaligiran
Napakalawak... ngunit walang laman...
Walang mga bata na nagkakasayahan
Tumatakbo... tumatawa... kasama ng kaibigan.

Hindi mo mawari... ang mararamdaman
Ang masaya at buhay na paligid ay nasaan?
Sumisikip ang dibdib... bumibigat ang kalooban
Luha'y tutulo... kung di mo pipigilan.

Aming mag-aaral... iyo sanang tandaan
Lahat ng paghihirap ay may katapusan,
Pananalig sa Diyos ay ating sandigan
Ang hiling ng bawat puso... ating makakamtan.

Mahal naming mga anak... huwag nang malumbay...
Matatapos ang pagsubok...araw ay sisilay,
May isang pangakong ibibigay nmin sa inyo...
Babalik kami...babalik tayo...



google.com/search?q=buwan+ng+wika+2021&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwi-06GWwa30AhXI62EKHU-HCiwQ_AUoAXoECAEQAw&biw=1242&bih=597&dpr=1.1#imgrc=qPfAmY73

# Kaisa sa Dekolonisasyon

Ni: Em

Kaisa ako, ikaw, tayo...

Sabi nga wika ang pagkakakilanlan at kaluluwa ng isang bansa at ng mga taong nananahan dito.

Kamakailan ay nanguna sa pagbibigay-pugay at pakikiisa ang Kagawaran ng Edukasyon sa programa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2021 alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Bilang 1041, taong 1997, na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambasa tuwing Agosto 1-31.

Hindi naman nagpahuli ang mga paaralan sa Sangay ng Bulacan sa pangunguna ng Tagamasid Pansangay sa Filipino, Dr. Anastacia N. Victorino sapagkat ang bawat isa ay nagsagawa ng kani-kaniyang birtuwal na pagdiriwang bilang pakikiisa at upang maipabatid sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng "*Wikang Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino*" na siyang naging tema para sa taong ito.




Talaga namang gamit na gamit ang *social media* partikular na ang *Facebook, TikTok, Messenger, Google Meet* at iba pa sa iba't ibang *online* patimpalak ng mga paaralan. Nanguna sa listahan ng patimpalaka ang Pagsulat ng tula, Pagsulat ng sanaysay, Paglikha ng Awit, Paglikha ng Poster, Pagsulat ng Islogan, WikaTok (Wika at Tiktok) at iba pang mga patimplak na isinagawa ng mga paaralan na positibo namang nilahukan ng mga masisigasig na mag-aaral.

Ayon nga kay Arthur P. Casanova, Phd, LPT, tagapangulo ng KWF, mula sa opisyal na *website* ng KWF, ang tema ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay pakikiisa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa 2021 Quincentennial Commemorations in the Philippines (2021 QCP) na nakatuón sa mahahalagang pangyayari sa bansa sa nakalipas na 500 taón partikular na sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 103 na mahigpit na nagtatagubiling ang mga pagdiriwang ay nararapat na maging "Filipino-centric" na nararapat na sumasalamin sa Pilipinong pananaw at nagbabantayog sa pag-unawa at damdamin ng pagmamalaki sa ating mga ninuno at mayamang pamanang kultural sa porma ng panitikan, wika, mga sining, at iba pang manipestasyong kultural. Nararapat ding bigyang-diin nito ang Pilipinong identidad at kahalagahan ukol sa pagkakaisa, kahinahunan, at kalayaan.

Tunay ngang ako, ikaw, tayo ay marapat na maging kaisa sa dekolonisasyon ng pag-iisip ng mga Filipino dahil tayo ay Filipino at dugong Filipino ang nananalaytay sa ating mga ugat magkakaiba man tayo ng pulong pinagmulan maging ng mga wikang katutubong kinagisnan.

Sariwain natin ang pahayag ni dating Pangulong Manuel L. Quezon Ama ng Wikang Pambansa, sa kanyang talumpati noong Disyembre 30, 1937 na "Ang bawa't bayan ay may sariling wika gaya ng



# ng Pag-iisip ng mga Filipino

ma C. Guitaba

pagkakaroon niya ng sariling pag-iisip. Pinagpipilitan ninyong mabuti na hubdan ang sarili ng angking katauhan bilang isang bayan; nalilimutan ninyo na habang pinangangalagaan ng isang bayan ang kanyang wika ay taglay niya ang isang tanda ng kanyang kalayaan, gaya rin ng pagtataglay ng kalayaan ng isang tao habang pinangangalagaan niya ang kanyang sariling laya ng pag-iisip. Ang wika ay siyang nagpapahayag ng mga kaisipan at mithiin ng isang bayan."

Iwaksi na natin ang kaisipang kolonyal na patuloy na nagpapalala sa kanser ng lipunang ating ginagalawan at tama na rin ang maraming taon na tayo ay magkandasuka sa pagmamaniobra sa atin ng iba.


Panahon na upang manindigan tayo at ating ibandera ang kalayaang pilit na ipinaglaban ng ating mga ninuno upang maangkin natin at magkaroon ng magandang kinabukasan.


Huwag nating hayaang ang magandang bukas na naghihintay para sa mga kababayan nating Filipino, sa paglipas pa ng panahon, ay mabalewala at maglaho sa kasaysayan na maaari ring maging dahilan ng pagka-wala ng ating pagkakakilanlan maging ng ating kaluluwa.

Gayundin, sa gitna ng maraming hamon at balakid sa ating paligid, isama pa ang maraming pagkakaiba, pagkakaisa pa rin natin ang dapat na manaig, dahil walang ibang magpapahalaga, magpapayaman, magpapayabong at lalaban para sa ating sariling wika sampu ng mga wikang katutubo sa ating bansa kundi tayong mga Filipino.

Kaya tara na! Patuloy tayong maging malaya -- ako ikaw, tayo ay makiisa sa dekolonisasyon ng pag-iisip ng mga Filipino.





















## Pagpupunyagi

ni: Hedylyn M. Perez

*Ang taong may nais na kapatunguhan*
*Susuong sa laban kahit anupaman;*
*Magtitiyaga at pagsusumikapan,*
*Bawat balak kaniyang pag-iisipan.*

*Ang magsimula sa pinakamababa*
*Tamang hakbang sa nais na pagpapala,*
*Sabi nga "Walang mahirap na gawa*
*Kapag 'yong dinaan sa pagtitiyaga".*

*Pagsubok sa iyo ay dapat harapin*
*Katatagan ng loob ay pairalin,*
*Isantabi ang iyong mga saloobin,*
*Isipin iyong nais at mga mithiin.*

*Batuhin ka man ng mga palakol*
*Batahin ang hirap, sa Kanya iukol;*
*Sipag at tiyaga'y may mabuting hatol,*
*Pagsisikap mo ay tiyak na bubukol.*

*Walang imposible sa determinado*
*Samahan ng sipag at iyong talento;*
*Lakipan ng dalanging magkatotoo,*
*Magtiwala ka't ibibigay sa'yo.*



# APAT NA SULOK NG PAGBABAGO

NI:Raymond S. Villafane

*Mula sa apat na direksyon ng sulok na ito, sila'y pinagtagpo.*

Patuloy na umuusbong at sumusulong ang edukasyon sa lala-wigan ng Bulacan at malinaw natin itong nakikita kasabay ng pag-ikot ng mundo. May mga nagsisilbing tanglaw sa panahon ng kadiliman, silang taga-bitbit ng sulo upang magbigay ng alab sa nagniningning nating mga pangarap. Sila ang nagsilbi nating mapa sa panahong tayo ay naliligaw, at muli tayong ibabalik ng ating mga sarili sa tamang landas.

Silang apat, na nagbigay ng direksyon sa modernong henerasyon ng mga kabataan.

Sa Hilaga. G. Francisco B. Macale – EPS, Mathematics

Isang respetadong guro na naglilingkod na mahigit sa dalawang dekada. Subok na sa larangan at minahal ang pagtuturo sa kabataan. Hindi matatawaran ang kaniyang angking galing sa asignaturang Matematika. Sa kabila ng pinagdaanan sa loob ng mahabang panahon, hindi siya nagpatalo sa kabi-kabilang hamon ng buhay, at ito ay magsisilbing inspirasyon sa karamihan na magsumikap at mahalin ang ginagawa sa larangan. Ang transisyon sa pagitan ng online class patungo sa face-to-face classes ay isa sa kanyang kritikal na pinaghahandaan upang magbigay ng kalidad na edukasyon sa mga kabataan.

Sa Timog. G. Jay-Arr C. Tayao – EPS, Private Schools

Nagmula sa Unibersidad ng Centro Escolar ng Malolos at tumawid patungong Pambansang Unibersidad sa Baliwag, nasubukan na niyang makibagay at gumabay sa tersiyaryong lebel ng edukasyon. Isang malaking karangalan ayon sa kaniya ang mga natamo niya sa buhay at ito ay kaakibat ng malalim na paniniwala sa Diyos na nasa itaas. Ayon sa kanya, "ang lahat ng bagay ay napag-aaralan basta magkaroon ka lang ng dedi-kasyon at pagsusumikap. Hindi tayo pababayaan ng nasa itaas." Ang kanyang pagsusumikap kasabay ng mahigpit na pananampalataya sa Panginoon ang kanyang susi upang maabot ang kanyang pangarap. Ang pagbibigay ng epektibong operasyon sa mga kawani ng edukasyon ngayong new normal ang kanyang prayoridad, sa tulong ng kanyang espesyal na kakayahan sa information technology.

Sa Silangan. Dr. Alexander I. Adonis, Public Schools District Supervisor, Hagonoy East


Siya ay naging punong-guro sa loob ng walong taon at hindi matatawaran ang kalidad ng edukason na kaniyang ibinahagi sa mga kabataan. Sa matinding banta na dala ng COVID-19 ay isa siya sa nakaranas nito, at hindi ito naging hadlang para magpatuloy sa larangan. Ang kanyang lakas ng loob na lampasan ang banta sa kalusugan, dedikasyon upang magpatuloy sa larangan, at ang pagsusumikap hanggang sa makamit ang pangarap ang kanyang mga naging sandata upang magwagi sa kanyang hamon sa buhay. Layunin niya na makapagbigay ng higit na maayos na paglilingkod sa mga punong-guro, magulang at mag-aaral kahit may pandemya o wala.

At sa Kanluran. Dr. Anne P. Castillo, Public Schools District Supervisor, Hagonoy West

Naglingkod bilang punong-guro nang mahigit isang dekada at naging tanyag ang mga paaralang pinaglingkuran sa larangan ng akademya at pisikal nitong kaanyuan. Nakasalamuha ang mga kabataan sa iba't ibang estado ng pamumuhay, sa rural at pati sa urban. Isa sa matinding hamon na kanyang kinaharap ay ang layo ng tinatahak na daan mula sa tahanan patungo sa paaralan. Sa kanyang patuloy na paglilingkod para sa kabataan, hindi hadlang ang distansya upang gabayan ang bata tungo sa tamang landas. Ang kanyang hangarin ay pagtibayin ang tulay sa pagitan ng mga kabataan at epektibong pagtuturo upang makapag-bigay ng sapat na katuruan at kaalaman sa kabila ng pandemya.

Mula sa apat na direksyon ng sulok na ito, sila'y pinagtagpo.

Sa tulong ng mga guro, punong-guro, ulong guro, at mga kawani ng edukasyon, kasama natin silang lahat sa pagtataguyod upang buhayin ang new normal na pagtuturo. Sa kanilang hamong nalampasan, sa kanilang determinasyon sa larangang mina-mahal, at sa walang sawang paglilingkod para sa bagong hene-rasyon ng kabataan, sila ang mga bagong pangalan na gagabay sa atin tungo sa mas mataas na kalidad ng edukasyon sa lalawigan ng Bulacan.



Dr. Anne P. Castillo

G. Francisco B. Macale

G. Jay-Arr C. Tayao

Dr. Alexander I. Adonis

# PAUWI NA SI NANAY

Ni: JAYSON P. CORRAL

Kasabay ng pagbubukas ng eskwela ay ang pag-aalimpuyo ng hunos hanggang sa ang luha ay umagos.

Anak ng Teacher. Nanay ko na, guro ko pa. Sabay na binabagtas ang daan sa eskwela, kasamang mananghalian sa faculty room at kasabay ding umuwi sa hapon samantalang bitbit ko ang mga abubot na dala ng Nanay ko galing sa eskwelahan. May mga pagkakataon na nauuna akong umuwi ng bahay sapagkat si Nanay, overtime na naman. Pinamilya na talaga ang pagtuturo.

Totoong ang bawat guro ay maituturing na pangalawang magulang sa paaralan. Dahil 'yung hindi nila anak, nagagawa nilang turuan. 'Yung hindi nila kadugo nagagawa nilang malasakitin. At 'yung mga estudyante nilang nawawala, masikap nilang hinahanap. Trabaho? Hindi. Tawag ng tungkulin.

"Nasaan na si Nanay?", ang tanong ko sa Tatay ko noong isang gabing wala pa s'ya sa bahay. "Pauwi na si Nanay", ang sagot ng Tatay ko.

Walang pinipiling oras. Umaga man o gabi. Ano nga ba ang depinisyon ng pahinga para sa isang guro na kahit sa gabi'y kumakayod maihanda lamang ang kailangan sa paaralan bukas? Walang Holiday. Bakit noong Araw ng mga Bayani ay walang nagbigay pugay sa hirap ni Nanay bagkus ay babad siya sa pag-attend sa limang araw na seminar. Wala naman talagang pahinga. Wala naman talagang bakasyon. Tawag lang talaga ng tungkulin.

"Pauwi na si Nanay!", ang sigaw ko ng marinig ko ang malakas at pamilyar na tunog ng tricycle na sinasakyan ng Nanay ko kapag pauwi na. Ganito ako sa gabi, tuwing nauuna ako umuwi kay Nanay subalit mula ng lumaganap ang pandemiya, mag-isa na lamang s'ya sa pagparoo't parito sa paaralan. Ako, naghihintay na lamang sa pag-uwi niya.

Ayon sa Philstar.com, sa isang pag-uulat na isinagawa ng kagawaran sa Senate Committee in Education, mula noong Marso 2021 ay umabot na sa 2,830 guro sa bansa ang nagpositibo sa COVID-19 at lalo pang tumaas sa paglaganap ng delta variant. Walang tala ng bilang ng mga namatay marahil ay upang huwag lumikha ng takot sa panig ng kaguruan o marahil ay upang ilihim ang bilang ng gurong nagbuwis na ng buhay sa pagtupad ng tungkulin. Mga sundalong nakibaka sa gyerang kalaban ay di naman nakikita.

"Positive si Nanay!", Ito ang balitang gumimbal sa akin nang di na nakauwi si Nanay mula ospital matapos dumaan sa tests. Hirap makahinga. Mag-isa. Balisa. Nanghihina. Inisip ko ang maaaring pinagmulan. Ang eskwelahan kaya na ginawang COVID Facility? O ang mga magulang na nakasalamuha sa eskwelahan?

Matagal ko ng naririnig na sinasabi ni Nanay ang Magna Carta for Public School Teachers na 1996 pa naipasa. Na ang pamahalaan ay mayroong mandato na upang igarantiya na mapangalagaan ang kalusugan ng mga guro sa pamamagitan ng libreng gamutan. Ngayong kailangan ng ating mga bayaning guro ng kalinga, nasaan ang mga sana'y dapat na mag-aaruga. Ngayong kailangan nila ng saklolo, nasaan ang bisa ng batas at mga pangako?

Ilang asawa pa kaya ang kailangang mangulila, ilang anak pa kaya ang tatangis at luluha. Ilang bayani pa kaya ang magbubuwis ng buhay para sa tawag ng tungkulin? Kailan titigil? Kailan huhupa ang hunos na ngayon palang nagsisimula.

Bago magpasukan,nabalitaan kong mayroon ng bagong guro sa aming paaralan. Ipinalit kay Nanay na halos dalawang dekadang nagsilbi at nagmalasakit sa sinasabi niyang pangalawang tahanan. Ang tinuring n'yang tahanan na matapos niyang pagsumakitan, pagkalipas ng ilang linggo at sa kanyang pagkawala ay agad din syang pinalitan.

Hindi lamang bayani ang mga guro. Sila ri'y asawa, magulang, kapatid at kaibigan. Hindi lang bayani ang mga guro. Tao rin sila. Nagkakasakit. Napapagod. Namamatay.

Bilang isang anak ay nais kong maiparating sa mga kinauukulan na bigyang pansin at lubos na proteksyon ang mga guro sapagka't puso man nila'y di patitinag sa mga hamon at pagsubok subalit bawat tatag at taas ng moog ay mayroong ding limitasyon.




"Pauwi na si Nanay." Ilang araw bago magpasukan, nakauwi na si Nanay. Di gaya ng dati na malakas at masigla. 'Di gaya noon na sasalubungin ka ng yakap at tawa. Dahil si Nanay, ay wala na.

Pauwi na si Nanay. Sa pagbubukas ng eskwela ay ang pagaalimpuyo ng hunos hanggang sa ang luha ay umagos. Habang bitbit ko ang urno at patungo sa obitwaryo ay dala-dala ko ang mga matamis na alaala na kasama ko ang nanay kong guro.

# Liham ni Marcelo

Ni: Maria Luisa N. Lipana EdD



*"Hindi bulag ang aking mga mata*
*At hindi bingi ang aking mga tainga*
*Upang hindi makita at*
*marinig*
*Ang mga pang-aapi*
*Ng mga dayuhan dito sa*
*ating bayan "*

*Kulang tayo sa kagamitan*
*maski karunungan*
*Sa pakikipaglaban*
*Kaya tila wala tayong karapatan maging malaya*
*Sa ating sariling bayan.*

*Patuloy nilang ginagatasan ang mga mahihirap nating kababayan*
*Abusado sa katungkulan at kapangyarihang kanilang pinanghahawakan*
*Patuloy ang paglaban ng ilang mga makabayan*
*Kahit kapalit ay sariling buhay at hindi tiyak na kalayaan*

*Wala namang misa, pero patuloy na nakataas ang ating mga kamay sa pagmamakaawa*
*Sila'y tila panginoon dito sa lupa na ating sinasamba— hindi dahil mabuti sila, kundi dahil ito'y kailangan upang sariling buhay ay wag mawala*

*Patuloy akong sisiping sa mga salita at tugma upang makabuo ng libro at mga tula na magsisilbing apoy na magpapainit sa diwa ng ating mga kababayan*
*Tayo ay mag-iingay na parang kulog sa tag-ulan*
*Na magpapasingaw ng baho ng mga prayle upang wala silang matakbuhan*

*Ako muna ay lilisan, lulan ng barko patungo sa ibang bayan,*
*Hahanapin ang butas ng mga kalaban hahagilap ng makakasandalang balikat na lalaban para sa Inang bayan*


*Habang ako'y nasa malayo, subukin ninyong maging malaya*
*Tayo rin ay tuluyang makakalaya sa kulungan na kanilang ginawa*
*Bawat isa ay susi sa tagumpa, ibaba na ninyo ang inyong mga kamay at sa tunay na Panginoon na tayo magmakaawa*

*At kasabay ng inyong pagsubok makawala sa gapos ng mga Kastila, susubukan ko ring lumapit sa reyna upang maputol ang tanikala*
*Ang tanikala na pumipigil sa ating pag-usad, upang mailunsad ang matagal na nating nais matupad*
*Ang makalaya, mula sa kamay ng mga huwad*

*Hanggang sa aking mga huling hininga,*
*Inang bayan iibigin ka.*
*Patawad sa aking mga nagawa at hindi pa*
*Ako ngayo'y uuwi na, maligaya akong naipaglaban kita.*
*Masakit mang isipin ngunit ito ang katotohanan, matagal pa tayong makalalaya sa kamay ng mga dayuhan.*
*Edukasyon, katapangan at paninindigan 'yan ang ating mga kailangan*
*Ako si Marcelo, isang Pilipino*
*Katalinuhan, katapangan, pagkauhaw sa karunungan ang dumadaloy sa aking dugo at buong katauhan*
*At ang nasa ng aking puso ay magkaroon ng kaisahan ang sistema natin kababayan sa karunungan at Kalayaan*

Ang BULAKENYO
TOMO 2 BLG. 2 HUNYO - OKTUBRE 2021





Gulayan sa Barangay Pinaigting sa Bulacan

## Loma de Gato nasungkit ang unang puwesto

*Ni: REYNALIN M.CORREA PRENZA ELEM.*

**Inilusad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ang proyektong Gulayan sa Barangay kung saan naglaban-laban ang 24 na bayan na sakop nito.**

Idineklarang kampeon ang Barangay Loma de Gato sa Marilao matapos ang mga isinagawang balidasyon sa online at aktuwal na pagbisita sa mismong itinayong gulayan. Pinangunahan ni Kapitana Ma. Lourdes A. San Andres ang nasabing programa katuwang si Kagawad Avelino C. Gulinao (Komite sa Pagsasaka) kasama ang iba't ibang organisasyon.

"Malaking tulong ang mga inaaning mga gulay sa Gulayan ng Barangay lalo na ngayong may pandemya dahil ito ang iniluluto namin sa mga pasyenteng tinamaan ng COVID na nasa isolation facilities," ang pagmamalaking wika ni San Andres.

Naganap ang unang paghatol noong Setyembre 21 at 22 kung saan pinili ang unang limang barangay na aktuwal na bibisitahin.

Ang limang barangay na pumasok sa huling paghuhusga ay ang Basuit sa San Ildefonso, Bintog mula sa bayan ng Plaridel, Biclat ng San Miguel, Tanawan sa Bustos at Loma de Gato ng Marilao. Pinuntahan ng mga hurado ang limang barangay noong Setyembre 27 at 28.

Ang nasabing programa ay nakaayon sa Memorandum Circular 2019: 129 ng DILG.

Layunin ng nasabing programa na magkaroon ng kasapatan at kasiguraduhan ng pagkain at magkaroon ng matibay na samahan at ugnayan sa komunidad.

Ang barangay Loma de Gato rin ang kinatawan ng Lalawigan ng Bulacan upang lumaban sa Regional Search for Outstanding Gulayan sa Barangay na may temang PAG-AHON o Sa PAgtatanim ng Gulay may Ani, Hanapbuhay, Oportunidad at Nutrisyon. Nangyari ang Regional na balidasyon noong Oktubre 8. #

## Urban Agriculture Project, itinaguyod ng BSP Bulacan Council

*NI: EDWIN M. VALDEZ, BALIUAG NORTH CS*

**Kamakailan ay isinulong ng Bosycout of the Philippines (BSP) Bulacan Council ang proyektong School Based – Urban Agriculture Project (UAP) sa pangunguna ni Bulacan Council Scout Executive Chester N. Hilario at Council Coordinator ng UAP, Field Scout Executive (FSE) Pascual Navarro.**

"This project aims to provide food security, good health and wellness, educational awareness, environmental and natural resources protection and prevention and opportunity for every scouts to become responsible in times of exigencies", ayon kay Hilario mula sa idinaos na webinar tungkol sa UAP noong April 6 na nilahukan ng mga BSP Leaders at BSP Coordinators sa elementarya at sekondarya sa lalawigan ng Bulacan.

Unang sinimulan ang pagpapatayo ng green house sa BSP Bulacan Council na paglalagyan ng mga seedbanks na siyang ipamimigay sa mga paa- ralan.

Mayroon ding tagline ang UAP na," Tanim mo, pang-rehistro ko", kung saan ang mga aanihing bunga ay maaaring maging pagkain at/o ibenta kung saan ang mga mapagbibilhan ay maaaring gamiting pangrehistro ng mga mag-aaral na gustong sumapi sa samahan.

Sa kasalukuyan, tatlong paaralan sa sekondarya ang nakatanggap na ng mga punlang pangtanim --- ang Calumpit National High School, Gen. Gregorio Del Pilar Integrated School at Marciano C. Rivera Memorial School.

Hindi naman nagpahuli ang mga pampublikong paaralan sa elementarya sa Sangay ng Bulacan dahil nagsagawa ang bawat isa ng kani-kanilang proyekto bilang pagsuporta sa School Based – UAP.

Samantala, ang ilang Scouts ay nagtanim sa kanilang mga bakuran gamit ang iba't ibang patapong lalagyan, habang ang iba naman ay itinaguyod ang School Inside a Garden (SIGA) program at Urban Gardening.#

## Mag-aaral ng BNAHS pasok sa Top 10 ng NSTF 2021

*NI: Sairah D. Samson, Balagtas National Agricultural HS*

**Pasok sa Top 10 Finalist sa nakaraang National Science and Technology Fair (NSTF) 2021 ang kalahok at kinatawan ng Rehiyon III na si Princess Ai Gabriel mula sa Balagtas National Agricultu-ral High School (BNAHS) - Sangay ng Bulacan.**

Ang Quantum Tunelling na entry ni Gabriel sa Siyensikula ay nakipagsabayan sa mahigit 46 na kalahok mula sa iba't ibang rehiyon sa buong bansa mula Agosto 13- Setyembre 3, 2021.

Nakalusot sa NSTF 2021 si Gabriel makaraang mamayagpag sa Regional Science and Technology Fair na ginanap noong Agosto 15-19, 2021 kung saan nasungkit niya ang Popular Vote Award at ang karangalang katawanin ang Rehiyong III sa pambansang kompetisyon.

Samantala, sa Division Level, hinakot ng entry ni Gabriel na Quntum Tune-lling ang kampeonato sa Siyensikula, unang puwesto sa Peer to Peer Evaluation at ikatlong puwesto sa Popularity Vote na ginanap noong Agosto 9-13, 2021 sa Sangay ng Bulacan.

Si Gabriel na mag-aaral ng Science, Technology and Engineering 9 ay ginabayan ng kanyang tagapagsanay na si Gng. Sairah D. Samson.#



# Ayokong maging zombie!

NI:ARIEL RAMOS

**Iyan ang mga katagang kalimitan nating naririnig ngayon sa taumbayan maliban sa mga salitang "quarantine" at "social distancing".**

Ang agam-agam ng marami na tila ba isang nakatatakot na palabas sa serye sa telebisyon ang salitang bakuna. Habang patuloy na lumalaban ang buong mundo sa pandemya, sa tulong na hatid ng mga bakuna, hindi pa rin maiiwasan na may mga taong tila pinili na lamang ang manahimik sa halip na labanan ang krisis sa kalusugan. Sa madaling salita, ayaw magpabakuna. Sa pulso ng masa, bakuna ang tanging sagot, ngunit ang tanong, bakit ayaw ng iba?



Ang bakuna ay isang produkto ng siyensya. Gumagana ang mga bakuna sa pamamagitan ng paghahanda sa ating immune system para makabuo ng mga antibodies at memorya ng immune laban sa mga partikular na virus o bakterya. Tinuturuan ng mga bakuna laban sa COVID-19 ang ating mga immune system kung paano labanan ang virus na nagdudulot ng COVID-19.Sa kasalukuyan, walong (8) bakuna na ang nabigyan ng Awtarisasyon sa Emerhensyang Paggamit (Emergency Use Authorizations) ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH) at Food and Drugs Association (FDA) upang magamit sa bansa. Kabilang rito ang Pfizer- BioNTech, Moderna, Sinovac, Sinopharm, Covaxin, Gamaleya Sputnik V, Janssen at Astrazeneca.

Ngunit sa dami ng mga nakalatag na bakuna at patuloy na paghikayat ng gobyerno , bakit nanatiling marami pa rin sa mga Pilipino ang ayaw magpabakuna o kaya' y hindi pa rin si-gurado? Ayon na rin sa mga isinasagawang sarbey ng iba't ibang ahensya, ito ay dahil na rin sa pangamba na dulot ng mga "side effects" ng bakuna. Marami ang takot mamatay o kaya maging zombie gaya ng mga napapanood na piksyon sa telebisyon. Ang lahat ng ito ay walang katotohanan. Ang mga bakuna ay lubos na nakapagbabawas sa panganib ng pagkakasakit mula sa COVID-19 at labis na mabisa sa pagpigil ng malubhang karamdaman, pagkaka-ospital, at pagkamatay. Kapag tayo ay nabakunahan, hindi lamang ang ating sarili ang ating pinoprotektahan, pati na rin ang ating pamilya, mga kasamahan sa trabaho, kaibigan at ang buong bayan.Huwag tayong matakot na labanan ang virus. Maniwala tayo sa hiwaga ng siyensya. Lagi nating tandaan na ang bakuna ang pinakamabisang paraan para matapos ang pandemya sa COVID- 19.

Huwag kang mag-alala, hindi ka magiging Zombie!

# "National Mental Health Week" Isinulong ng SDO Bulacan

*NI: Mark Carlo DG. Lajom , SAN RAFAEL NATIONAL TRADE SCHOOL*

***"Mahirap man ang iyong pinagdadaanan, Matatag ka pa rin sa kasalukuyan***

***May sugat mang dulot ang nakaraan***

***Nagpapatuloy ka pa rin at lumalaban"_Alain Pascua; DepEd Undersecretary***

Ganito ang pahayag ni DepEd Undersecretary Pascua na napapahanon para sa pagdiriwang ng World Mental Health Day at National Mental Health Week ngayong ika-11-16 ng Oktubre.

Kaakibat nito ay nakiisa sa nasabing pagdiriwang ang Schools Division of Bulacan sa inilunsad na birtuwal na programa via *Facebook Live na pinamagatang"Mental Wellness Program for Learners, Teaching, Teaching-Related, and Non-teaching Personnel," noong ika-11 ng Oktubre sa ganap na ika-8:30 ng umaga.*

Batay sa Division Memorandum 200, s. 2021, layunin ng nasabing programa ang sumusunod: palakasin ang pangkalusugang pangmental ng mga kawani at mag-aaral sa gitna ng pandemya; makapagbigay ng mental at sikolohikal na tulong at suporta sa mga kawani at mag-aaral; at maunawa ang pangangailangang propesyunal upang makaagayapay ang mga kawani sa pinagdadaanang pangkalusugang mental. Nakaangkla naman ang mga layu-ning ito sa DepEd No. 28, s. 2018, *"Policy Guidelines on Oplan Kalusugan sa Deped Program."*

Malaki ang maitutulong ng mga bagong impormasyon na inilahad ng mga ispiker na sina Maribel I. Cruz, LPT, RGC ng Mariano Ponce National High School sa kaniyang paksa na *"Fighting Stigma on Mental Illness," at si Analyn Ramos V. Rapas, RGC ng UP Los Baños na tinalakay naman ang "Protect Your Mental Health, Protect Your Future."*

Ilan sa mga sintomas ng *mental heatlh problem o illness ay ang excessive fear or uneasiness, ayon sa pahayag ni Ma'am Maribel.*

Inilatag niya ang "Basic Help," na ayon sa kaniya ay makatutulong sa isang indibidwal na nakararanas nito*: release your emotion, pray hard, make your thoughts positive at seek someone to talk. Karagdagan ang Helpline for Learners, ang pakikipagkomunikasyon sa mga magulang, guardian, ibang mga kaanak, guro (dati at kasalukuyan), guidance counselor at iba pa. Ang education, social support, talk therapy, counselling (therapy) at medication ay ilan sa nire-komendang treatment.*

"Palaging maging malusog, palaging ma-ging ligtas at sa ating kalusugan ay magagawa nating maayos ang ating misyon." Ito ang mensaheng iniwan ni Ma'am Rowena T. Quiambao CESE, Assistant Schools Division Superintendent na kumatawan kay Dr. Zenia Mostoles, Ed.D., CESO V

Maging malusog tayo sa isip, sa salita at sa gawa.

Tunay na mahalaga ang pagtupad sa ating sinumpaang mis-yon, para sa bata at para sa bayan, kaya't manatiling ingatan ang ating mental na kalusugan... tungo sa...

Dekalibreng kalusugang pangmental.#

Ang BULAKENYO SPORTS
TOMO 2 BLG. 2 HUNYO - OKTUBRE 2021

# DepEd, NAS Magkatuwang sa Pagpapalakas ng Sports Program sa mga Mag-aaral

*Ni: Glen Moore B. Adriano, ABANGAN NORTE ES*


**Inaasahang marami pang atletang Pilipino ang magtatagumpay sa Olympics at susunod sa yapak ni Hidilyn Diaz matapos ilabas ng DepEd ang Memorandum No. 040, s. 2021 na naglalayong humanap at pumili ng mga kwalipikadong atleta na magsasanay at mag-aaral sa National Academy of Sports (NAS).**

Sa bisa ng memorandum na nilagdaan ni Secretary Leonor M. Briones, sisimulan ng NAS ang pagtanggap ng aplikasyon sa mga kwalipikadong mag-aaral na may angking talento sa larangan ng palakasan sa Hunyo 18.

Ang mga pamantayan ay kinakailangang ipinanganak na mamamayang Pilipino, kasalukuyang nag-aaral sa ikaanim na baitang o nakatapos na sa Grade 6 matapos magkabisa ang batas, may angking kakayahan at potensiyal sa partikular na laro, hindi lalagpas sa 14 na taong gulang sa pagbubkas ng klase at may malusog at malakas na pangangatawan.

Kabilang naman sa magiging insentibo ng mga mapipiling mag-aaral ang libreng matrikula at pag-aaral sa antas sekundarya (mula Grade 7-12), makapag- sanay sa napiling laro gamit ang mga makabagong pasilidad, kumatawan sa bansa sa mga pang-internasyonal na paligsahan na lalahukan ng NAS, buwanang allowance at libreng tirahan sa NAS Dormitory sa New Clark City, Capas, Tarlac.

Ang National Academy of Sports ay itinatag sa ilalim ng Republic Act 11460 na naglalayong makapagbigay ng de-kalidad na edukasyon at natatanging kurikulum para sa sports upang magtagumpay ang mga mag-aaral na mapipili sa programa.



# DOTA, Mobile Legends maisasama na ba sa susunod na Palarong Pambansa?

*NI: ALFREDO A. CORREA*

**Sa dami ng mga kabataang Pilipino ang nahuhumaling sa online games ngayon, hindi nakakagulat na itinuturing na ito bilang isang tunay na isport na kung tawagin ay e-sports.**

Noong huling Palarong Pambansa ay pinag-iisipan na itong isama sa susunod na palaro subalit dalawang taon ng hindi nagsasagawa ng taunang palaro dahil sa pandemya.

Mas kinahumalingan nga ngayon ang mga e-sports dahil nalimitahan ang mga sports na isinasagawa sa labas ng tahanan dahil sa panganib na dala ng COVID-19.

*"There are positive and negative observations with regards to online games. What is important is we have to balance. What is important to us, the officials of DepEd, is the holistic development of our lifelong learners,"* ani DepEd undersecretary Revsee Escobedo.

Bagamat hindi pa napag-uusapan ngayon, nilinaw nito na hindi nila sinasarado ang pinto para sa online sports. Nais lamang nila pag-aralan maigi ang mga benepisyong maaaring makuha ng mga estudyante sa e-sports.

Kaya abangan natin kung tuluyang maisasama ang mga e-sports sa muling pagbabalik ng Palarong Pambansa.#

# Matatag na isipan, susi sa pagiging kampeon

*Ni Cherry I. Mendoza*

**"Ang mga kampeon ay hindi nabubuo mula sa gym. Ang mga kampeon ay nabubuo mula sa kung anong mayroon sila sa kanilang sarili: kagustuhan, pangarap at pananaw." Ito ay ayon kay Muhammad Ali, kilalang atleta sa larangan ng boksing.**

Ang pagiging kampeon ang isa sa hinahangad ng mga atleta kaya ibinubuhos nila ang lahat ng makakaya upang makamit ito. Kabilang sa kanilang isinasagawa ay ang pagpapalakas ng katawan. Kaalinsabay ng pagpapalakas nito ay ang pagtuon sa aspetong teknikal (kasanayan), taktikal (estratehiya) at mental (isipan). Sa puntong ito, may pagkakataon na ang mental na aspeto nito ay nahuhuling bigyan ng tuon. Gaano nga ba ito kahalaga sa pagsabak sa isang laro?

Ang pagsasanay ng isipan ay pagkatuto at pagpapaunlad ng abilidad na kontrolin ang sariling isip, emos-yon at konsentrasyon upang ganap na matamo ang pinakamataas na lebel ng kasanayan. Kabilang din dito ang iba't ibang teknik na isinasagawa kung paanong magiging matatag ang isipan. Pagiging positibo rin ito at aktibo sa kabila ng matinding sitwasyon.

Kadalasan, ang nakikita lamang natin sa mga atleta ay ang kanilang paraan ng pagpapatibay ng katawan subalit sa likod nito ay may mga pagsasanay rin silang isinasagawa kaugnay ng pagpapatibay ng kanilang isipan. Kabilang dito ang paraan kung paano nila panghahawakang mabuti ang mga kritisismo, kung paanong tatagal ang konsentrasyon sa laro, kung paanong haharapin ang iba't ibang balakid na maaaring mangyari bago, habang at pagkatapos ang laro at ang iba pang mga pagsasanay kaugnay nito.

Ito ang kani lang nagagamit sa mga pagkakataong nasa alanganin silang sitwasyon katulad ng mga huling minuto ng laro o kaya naman ay nasa mahihirap na sitwasyon katulad ng pagkakaroon ng injury at kapag nakaririnig ng mas malakas na palakpak at hiyawan mula sa kalaban o kabilang panig sa katapusan ng laro. Kaya may napapanunuod tayo na sa mga huling segundo o minuto ng laro ng pagiging dehado, bigla na lamang umaalagwa pagdating sa isports, lahat ay dumaraan sa matinding pagsubok at dahil dito nagiging mahalaga ang gampanin ng pagkakaroon ng matatag na isipan. #